# Ang Tunay na Puno ng Ubas Yugto 2

"12 Ito ang aking utos, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa, na gaya ng pagibig ko sa inyo. 13 Walang may lalong dakilang pag ibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan. 14 Kayo'y aking mga kaibigan, kung gawin ninyo ang mga ubagay na aking iniuutos sa inyo. 15 Hindi ko na kayo tatawaging mga alipin; sapagka't hindi nalalaman ng alipin kung ano ang ginagawa ng kaniyang panginoon: nguni't tinatawag ko kayong mga kaibigan; sapagka't ang lahat ng mga bagay na narinig ko sa aking Ama ay mga ipinakilala ko sa inyo. 16 Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo'y magsiyaon at magsipagbunga, at upang manatili ang inyong bunga: upang ang anomang inyong hingin sa Ama sa aking pangalan, ay maibigay niya sa inyo. 17 Ang mga bagay na ito ay iniuutos ko sa inyo, upang kayo'y mangagibigan sa isa't isa." (Juan 15:12-17)

Pagkatapos ng pasimula na mayroon tayo mula sa Juan 15:1-11,naunawaan natin bilang alagad ni Jesus, na kailangan natin mamunga ng marami at ng ito'y magiginng totoo kung tayo ay susunod sa Kanya, kung tayo ay susunod sa puno, na Kanyang simbahan at kung susunod tayo sa Kanyang Salita at sa Kanyang pagmamahal na ating masusuri dito.

A. Upang manahan sa Kanya:ay ang patuloy na pagsunod sa Kanya at sa Kanyang mga utos sa atin.

B. Upang manahan sa puno:ito ay manatili sa Kanyang simbahan, at sangayon na maging ganap at lumago sa atin relasyon kasama ang isa't isa. Tinawag tayo na panatilin ang pagkakaisa ng Espiritu sa pagbubuklod ng kapayapaan. "Kaya't ako, na isang bilanggo dahil sa Panginoon, ay nakikiusap sa inyo na mamuhay kayo gaya ng nararapat sa mga tinawag ng Diyos. Kayo'y maging mapagpakumbabá, mahinahon at matiyaga. Magmahalan kayo at magpasensiya sa isa't isa. Sikapin ninyong mapanatili ang pagkakaisa na kaloob ng Espiritu, sa pamamagitan ng kapayapaang nagbubuklod sa inyo.(Taga Epeso 4:1-3) Hindi lang tayo may pananagutan sa Diyos ngunit may pananagutan din tayo sa isa't isa.Tayo ay responsable sa bawat isa at kailangan nating magbigay ng masigasig n kaalaman sa ating uganayan sa isa't isa bago ang Diyos.

C. Upang manahan sa Kanyang Salita: Ito dapat ang pamantayan sa atin upang tayo ay maging alisto kung paano natin isasaayos ang ating buhay, desisyon, at ang ating ugnayan sa isa't isa ng tama ayon sa Kanyang Salita.

D. Upang manahan sa Kanyang Pagibig: Sa pagsunod sa Kanyang mga utos na makikita at mababasa natin sa Kanyang Salita.

Ngayon nag utos ang Panginoon sa atin ng ganito. "12 Ito ang aking utos, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa, na gaya ng pagibig ko sa inyo." (Juan 15:12) Ngayon bilang pagsunod natin sa Kanyang pagibig, kailangan natin naibigin ang isa't isa, at ito'y magiging mabuti sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang utos.

Roma 13:8-10 at 1 Corinto 13:1-7, tinustusan tayo ng mabuting katuruan tungkol sa ano ang tungkol sa pagibig sa lahat.

"8 Huwag kayong magkautang ng anuman sa kanino man, sa halip ay mag-ibigan sa isa’t isa sapagkat siya na umiibig sa iba ay nakaganap ng kautusan.9 Ito ang mga utos: Huwag kang mangangalunya, huwag kang papatay, huwag kang magnanakaw, huwag kang mag-bigay ng maling patotoo, huwag kang mag-iimbot. At kung may iba pang utos, ito ay nakapaloob sa salitang ito:Ibigin mo ang iyong kapwa tulad ng pag-ibig mo sa iyong sarili.10 Ang pag-ibig sa kapwa ay hindi gumagawa ng masama sa kapwa, kaya nga, ang pag-ibig ay katuparan ng kautusan. (Roma 13:8-10) Dito si Pablo ay pinaalalahanan na tayo ay dapat magmahalan sa isa't isa at ipinaliwanag ang pagmamahal sa pamamagitan ng Kasulatan, na "Ang umiibig ay hindi gumagawa ng masama kaninuman (Roma 13:10) at " ibigin mo iyong kapwa gaya ng pagibig mo sa iyong sarili." (Roma 13:9) Dapat nating ibigin ang bawat isa gaya ng pag ibig natin sa ating sarili at magagawa natin kung ititigil natin ang makakasa`ma sa isa't isa, kung hindi tayo magnanakaw, kung hindi tayo magbibigay ng maling patotoo, kung tayo magiimbot, "Ito ang mga utos: Huwag kang mangangalunya, huwag kang papatay, huwag kang magnanakaw, huwag kang mag-bigay ng maling patotoo, huwag kang mag-iimbot. At kung may iba pang utos, ito ay nakapaloob sa salitang ito:Ibigin mo ang iyong kapwa tulad ng pag-ibig mo sa iyong sarili." (Roma 13:9) kung ayaw ntin na gawin ng kapwa sa atin ang lahat ng ito na nabanggit sa atin,tapos huwag dapat natin gawin ang lahat ng ito sa iba.

Huwag kang mangangalunya: Kahit sa tingin na may pagnanasa at ponograpiya ay pangangalunya. Magkasintahang lalaki at babae, pakiki-pagrelasyon sa iba kahit kasal na o pagsasama ng hindi kasal, pangalawag pagpapakasal, paghihiwalay, at pagpapakasal muli ay pangangalunya.

Huwag kang papatay: Kahit pagsasalita ng masama at paglalaban ay pag patay.

Huwag kang magnanakaw: pagkuha ng gamit ng iba ng wala permiso ay pagnanakaw.

Huwag kang magbibigay ng maling patotoo: pagsisinungaling at paninira puri.

Huwag kang mag-iimbot: pagkainggit sa iba sa ano natanggap nila mula sa Diyos.

"1 Kung ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao at ng mga anghel, datapuwa't wala akong pagibig, ay ako'y naging tanso na tumutunog, o batingaw na umaalingawngaw. 2 At kung magkaroon ako ng kaloob na panghuhula, at maalaman ko ang lahat ng mga hiwaga at ang lahat ng mga kaalaman; at kung magkaroon ako ng buong pananampalataya, na ano pa't mapalipat ko ang mga bundok, datapuwa't wala

akong pagibig, ay wala akong kabuluhan. 3 At kung ipagkaloob ko ang lahat ng aking mga tinatangkilik upang ipakain sa mga dukha, at kung ibigay ko ang aking katawan upang sunugin, datapuwa't wala akong pagibig, ay walang pakikinabangin sa akin.4 Ang pagibig ay mapagpahinuhod, at magandang-loob; ang pagibig ay hindi nananaghili; ang pagibig ay hindi nagmamapuri, hindi mapagpalalo. 5 Hindi naguugaling mahalay, hindi hinahanap ang kaniyang sarili, hindi nayayamot, hindi inaalumana ang masama; 6 Hindi nagagalak sa kalikuan, kundi nakikigalak sa katotohanan; 7 Lahat ay binabata, lahat ay pinaniniwalaan, lahat ay inaasahan, lahat ay tinitiis.( 1 Corinto 13:1-7) Dito si Apotol Pablo tinukoy sa atin ang pagibig sa mas malinaw na paraan na ipinunto sa atin na ang ating paguugali ay napakaimportante.

"1 Kahit ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao at ng mga anghel, datawpuwa't wala aking pagibig, ay ako'y naging tanso na tumutunog, o batingaw na umaalingawngaw. Kahit na nabautismuhan kana ng Banal na Espiritu hindi ibig sabihin na sigurado na mayroon kang pagibig at hindi mapapalitan kailangan mong magkaroon ng pagibig.Na maging maingat ngayon tayo paano makita ito sa ating sarili na kung ano iniutos ni Jesus." Na kayo'y magibigan sa isa't isa, na gaya ng pagibig ko sa inyo.

"2 At kung magkaroon ako ng kaloob na panghuhula, at maalaman ko ang lahat ng mga hiwaga at ang lahat ng mga kaalaman; at kung magkaroon ako ng buong pananampalataya, na ano pa't mapalipat ko ang mga bundok, datapuwa't wala akong pagibig, ay wala akong kabuluhan." (1 Corinto 13:2) Kahit nagsisilbi ka ng may kaloob na Banal na Espiritu, hindi ipinahihiwatig na mayroon kang pagibig.Kahit manghula at magpahayag kung ano mangyayari sa hinaharap at magpahayag ng kalooban ng Diyos, kahit mayroon kang malalim at malaki pangunawa,kahit mayroon kang kaalaman at kahit may malaki kang pananampalataya hindi tiyak na may pagibig ka.Ganon din lahat ng ito ay hindi mapapalitan na kailangan mong magkaroon ng pagibig.

"3 At kung ipagkaloob ko ang lahat ng aking mga tinatangkilik upang ipakain sa mga dukha, at kung ibigay ko ang aking katawan upang sunugin, datapuwa't wala akong pagibig, ay walang pakikinabangin sa akin." (1 Corinto 7:3) Kahit na ikaw yung tao na ibinibigay ang lahat sa mahihirap at kahit na sangayon kang usigin at Ibinigay mo ang iyong katawan para sunugin, hindi sigurado na may pagibig ka at hindi mo mapapalitan kailangan mo magkaroon ng pagibig.

"4 Ang pagibig ay mapagpahinuhod, at magandang-loob; ang pagibig ay hindi nananaghili; ang pagibig ay hindi nagmamapuri, hindi mapagpalalo. 5 Hindi naguugaling mahalay, hindi hinahanap ang kaniyang sarili, hindi nayayamot, hindi inaalumana ang masama; 6 Hindi nagagalak sa kalikuan, kundi nakikigalak sa katotohanan; 7 Lahat ay binabata, lahat ay pinaniniwalaan, lahat ay inaasahan, lahat ay tinitiis." (1 Corinto 7:4-7)

• Ang Pagibig ay mapagpahinuhod: kawanggawa o pagibig ay kagustuhan na magpakasakit para Kay Kristo at para sa iba: kawanggawa o pagibig ay ayaw sumuko o tumigil. Ikaw ba ang tao na madali sumuko?sanayin mo ang iyong sarili sa pamamagitan ng mga pagsubok na iyong pinagdadaanan, sa pamamagitan ng mga pagsubok na ibinibigay ng Diyos ay tinuturuan ka na magkaroon ng mahabang pagtitiis.
•Pagibig ay may magandang loob: kawanggawa o pagibig ay may kagustuhan na gumawa ng mabuti ng Diyos sa iba at gumawa sa kanila ng serbisyo na makakatulong sa kanilang buhay.
• Pagibig ay hindi nanaghili: kawanggawa o pagibig ay hindi naninibugho sa iba kung mayroon silang bagay na wala ka, o mayroon silang bagay na mas higit sayo.
• Pagibig ay hindi nagmamapuri: kawanggawa o pagibig ay hindi nagma mayabang at hindi pagpapakita ng sarili.Kawanggawa o pagibig ay hindi pagpapakitang gilas.
•Pagibig ay hindi mapagpalalo: kawanggawa o pagibig ay hindi nagmamalaki.
•Hindi naguuugaling mahalay: kawanggawa o pagibig ay hindi gumagawa ng hindi nararapat.Ang Salita "hindi nararapat" sa Hebreo na salita ay "Aschemoneo" ay naulit muli sa ibang lugar," Ngunit kung iniisip ng sinomang lalake na hindi siya gumagawa ng marapat sa birheng dalaga, kung ito'y sumapit na sa kaniyang katamtamang gulang, at kung kailangan ay sundin niya ang kaniyang maibigan, hindi siya nagkakasala; bayaang mangagasawa sila." (1 Corinto 7:36) Dito ano ang maunawaan natin ay hindi gumawa ng bagay na hindi wasto at huwag gawin malampasin na gumawa ng bagay na wasto.
• Pagibig ay hindi hinahanap ang sarili: kawanggawa o pagibig ay hindi makasarili
• Pagibig ay hindi nayayamot: Kawanggawa o pagibig ay hindi madaling magalit. Dapat mo malaman paano mo kokontrolin ang iyong sarili at huwag gumanti o gumawa ng bagay na magbibigay ng abala at kaguluhan sa iba.
• Pagibig ay hindi inaalumana ang masama: Kawanggawa o pagibig ay dalisay na pagiisip; pagiisip na malinis at hindi nagpaplano o nagiisip ng masama sa iba.
• Pagibig ay hindi nagagalak sa kalikuan: Kawanggawa o pagibig ay hindi masaya o nagagalak na gumawa ng masama o kasamaan na bagay. Kawanggawa o pagibig ay hindi nagagalak kung ang kasamaan ay dumating sa isang tao.
• Nagagalak sa katotohanan: Kawanggawa o pagibig ay nagagalak na natuklasan at malaman ang totoo at katotohanan. Nagaaral tayo ng Salita ng Diyos sa Bibliya upang natuklasan natin ang katotohanan, sa gayon malaman natin paano mamuhay para sa Diyos at sumunod sa Kaniyang Salita.
• Pagibig ay lahat ay binabata: Kawanggawa o pagibig ay handang magtiyagang dalhin ang hamon ng buhay at ang Gawain ng Diyos.
• Pagibig ay lahat ay pinaniniwalaan: Kawanggawa o pagibig ay handang maniwala sa ano ang ipinapahayag ipinapakita ng Salita ng Diyos. Kawanggawa o pagibig ay handa maniwala sa ano ipinapahayag at ipinapakita ng Salita ni Jesus.
• Pagibig ay lahat ay inaasahan: Kawanggawa o pagibig ay pagpapahayag ng pagtitiwala sa Diyos at sa Kaniyang Salita, at mayroong pagasa na ibibigay ng Diyos ang bagay na mas mabuti sa iyong ngalan kung ikaw ang handang sumunod at sundin ang Diyos.
• Pagibig ay tinitiis ang lahat: Kawanggawa o pagibig ay nanatiling tapat, kahit ikaw ay nagiisa. Mayroong panahon na wala ni isa man na maiiwan sayo at ikaw ay magisa. Ito ang pinakamasakit na sandali, ngunit ganon pa man, sa ganito sandali gusto ng Diyos na magtiis ka at magtiyaga hanggang sa huli.

"Na kayo'y mangagibigan sa isa't isa, na gaya ng pagibig ko sa inyo." (Juan 15:12) Kvailangan nating ibigin ang isa't isa gaya ni Jesus na umiibig sa atin. Kaya ang buhay at ang halimbawa ni Jesus ay para sa atin na sundin.Ganon din sa ano ginawa ni Jesus sayo at ang paraan na tratuhin ka ay magbibigay sayo ng tanda kung paano ibigin ang isa't isa.

Kung nalilito ka at hindi alam ang gagawin kung ano dapat mo gawin sa tamang tao o tamang relasyon, tapos tanungin mo ang iyong sarili, kung si Jesus ba nasa aking kinatatayuan ano Kaniyang gagawin? Na magbibigay sayo ng palatandaan o solusyon na kailangan mo ngayon sa iyong buhay. Upang maging alagad o tagasunod ni Kristo,upang ibigin ang isa't isa ay mahalaga na kailangan na matugunan sa ating buhay ng sa gayon si Kristo ay mabigyan ng kaluguran sa atin.

"13 Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan." (Juan 15:13) Dito si Jesus ay tinukoy na ang pagibig ay hindi makasarili at kahit lampas pa. Ang pagibig dito ay handang ibigay ang iyong buhay sa iba. Tinawag ka para ibigay ang iyong hinaharap, ang iyong ambisyon, ang iyong plano pagsunod na sundin si Jesus. Tinawag tayo para ibigay ang ating oras at pagsisikap at kabuhayan para sa kapakanan ng Panginoon sa iba.Sa tamang oras, tinawag ka na ibigay ang iyong sarili para sa makasalanana o para sa taong nanakit sayo at nanlamang sayo. Hindi natin kailangang manghinayang na ginawa natin ang mabuti, kahit sa ganon klase ng tao, dahil ginawa natin ito sa ano ipinagawa sa atin ng Diyos.

Ngunit hindi ibig sabihin sa lahat ng pagkakataon tayo ay tinawag na maging sangkalan! Basahin natin ulit ano sinabi ni Jesus: "13 Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan." (Juan 15:13) Sinabi ni Jesus "na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan." Hindi ibig sabihin na ibigay natin ang ating buhay sa ating kaibigan, ngunit ibig sabihin na kailangan natin hanapin ang tao na kaibigan ni Jesus o sa mga may potensyal na maging kaibigan ni Jesus. Kaya Dito, tinawag tayo na magkaroon ng pagkaunawa at pangangasiwa sa ating ministerio at sa ating pagsisilbi sa Diyos.

"14 Kayo'y aking mga kaibigan, kung gawin ninyo ang mga bagay na aking iniuutos sa inyo." (Juan 15:14) Si Jesus ay tatanggapin tayo na Kaniyang kaibigan kung tayo ay aalinsunod sa Kaniyang utos. Ang pagsunod din sa Kaniyang utos ay paraan na kailangan natin ibigin ang isa't isa. Kaya ang paraan ng mundo na ipakita ang pagibig ay pagbibigay layaw sa tao, pagbibigay puri sa tao, pagmamalaki, pagkukunsinti sa kasalanan, paborito, o pakikipagkompromiso ay pagtalikod kay Kristo.

"15 Hindi ko na kayo tatawaging mga alipin; sapagka't hindi nalalaman ng alipin kung ano ang ginagawa ng kaniyang panginoon: nguni't tinatawag ko kayong mga kaibigan; sapagka't ang lahat ng mga bagay na narinig ko sa aking Ama ay mga ipinakilala ko sa inyo." (Juan 15:15) Tinawag tayo dito ni Jesus na kaibigan at hindi alipin. Tinawag tayo Niyang kaibigan dahil hindi Niya lang tayo inutusan, ngunit ganon din ipinaliwanag Niya sa atin ang katotohanan at ang realidad ng kung ano ginagawa Niya at ano antas na gusto Niya na maging at gawin. Tinawag tayo sa ganito pagkakaibigan, at kailangan na maintidihan ang biyaya ng Diyos na umabot sa atin na gawin at panatilihin na kaibigan si Jesus at upang makipagkaibigan sa Kanya at sa sinumang kaibigan Niya.

"16 Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo'y magsiyaon at magsipagbunga, at upang manatili ang inyong bunga: upang ang anomang inyong hingin sa Ama sa aking pangalan, ay maibigay niya sa inyo." (Juan 15:16) Hindi mo mapapalitan ang lugar o ang tao na tinawag ka ng Diyos at inilagay ka Niya. Gusto ng Diyos na mag bigay ka ng bunga sa Kanya sa lugar kung saan ka iniligay at hindi sa ibang lugar.Na kailangan mo seryosohin na handa mong palitan ang iyong plano at prioridad at handa ibigay o isantabi ang ibang bagay o ibang gawain na hindi galing kay Kristo na hindi dahilan o tinawag na gawin mo.

Bawat isa saatin ay may katawagan at tipanan at hindi dapat natin iwanan at isantabi at magsimula na gawin ang ibang bagay. Sa parehong lugar na inilagay sayo ng Diyos, kailangan mo mamunga ng marami bunga, at bunga na magtatagal sa huli. Kailangan mo gawin kung ikaw ay tatahan sa Kanya, sa Kanyag puno na Kanyang simbahan, sa Kanyang Salita, at sa Kanyang pagibig.

"16 Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo'y magsiyaon at magsipamunga, at upang manatili ang inyong bunga: upang ang anomang inyong hingin sa Ama sa aking pangalan, ay maibigay niya sa inyo." (Juan 15:16) Kung ikaw ay susunod sa ano itinipan sayo na gawin mo, ikaw ay mamumunga ng maraming bunga at ang sasagutin ng Panginoon ang iyong mga panalangin at Ibibigay sayo ang iyong kailangan mula sa Kanya, para ito ay sa kaluwalhatian ng Diyos na ating Ama kung saan tayo mamumunga ng marami.

Sa aking mga minamahal:" Ang mga bagay na ito ay iniuutos ko sa inyo, upang kayo'y mangagibigan sa isa't isa."(Juan 15:17) Para magibigan sa isa't isa ay manahan sa Kanyang pagibig, at manahan sa Kanyang pagibig ay kailangan natin sumunod sa kanyang utos na magbasa tayo ng Salita ng Diyos at kung ano sinasabi ng Banal na Espiritu na gawin natin.

Ang aking Panalangin: Ama naming Diyos,ako lumalapit sayo bago sa pangalan ni Jesus, na kung saan namatay sa krus sa aking kasalanan para mabigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Panginoon salamat sa iyong Salita sakin at salamat sa pagpapaalala na manatili sa iyong pagibig at lumakad sa pagibig at mangagibigan sa isa't isa.

Panginoon salamat sa iyong Salita na tinuruan ako paano ibigin ang iba at paano ibigay ang aking buhay sa iba. Panginoon ako ay nagsisi mula sa sumusunod na kasalanan Panginoon ako ay tumatalikod sa lahat ng mga ito.

Panginoon sa aking pagtalikod sa aking mga kasalanan at ipinagkakatiwala ko ang aking sarili sa prinsipyo ng pagibig na aking natutunan mula sa mensahe ito. Panginoon bigyan mo ako ng marami pang katangian ng pagibig na aking natutunan ngayon mula sa Iyong Salita, na maging mapagpahinuhod at handa magtiis ng matagal, na may kagandahang loob, hindi nanaghili sa iba, hindi nagmamalaki at mayabang, hindi gumagawa ng hindi nararapat, hindi makasarili at hindi hinahanap ang pansarili kong interes, hindi magagalitin, hindi nagiisip ng masama, hindi nagagalak sa kasalanan ngunit nagagalak sa katotohanan. Panginoon tulungan mo ako na makayanan ang lahat ng bagay, maniwala sa lahat ng bagay sa iyong Salita, na may pagasa sa lahat ng bagay na nakapaloob sa iyong Salita at tiisin ang lahat ng bagay.

Panginoon salamat sa pagpili mo sa akin at itinalaga mo ako sa lugar na ito at kasama ang mga tao na iniligay na lumayon at mamuhay sa aking buhay para sayo dala dala ang bunga na nagtatagal magpakailanman. Panginoon hinihiling ko na tulungan mo ako na makapamunga ng marami na makita sa aking buhay ang bunga ng Banal na Espiritu. Panginoon alalayan mo ako at bigyan mo ako. Higit sa lahat lagi mo ipadala ang iyong Salita na magpapaalala sa akin at tulungan ako na panghawakan ang lahat kung ano ang kailangan kong gawin para sayo at para sa isa't isa at paano ibigin sila. Panginoon tugunin mo ako ayon sa iyong pangako, "upang anomang inyong hingin sa Ama sa aking pangalan, ay magbigay niya sa inyo." (Juan 15:16) Ako ay nagtitiwala sayo na hindi mo ako iiwan o pababayaan man, ako ay nagtitiwala sayo na iyong sasagutin ang aking mga panalangin na iyong gaganapin ang iyong gawa sa aking buhay na magdadala ng marami bunga at bunga na magtatagal ng walang hanggan.

Panginoon ipinapanalangin ko aking mga kapatid na lalaki at babae na nagtalaga ng kanilang sarili sa prinsipyo ng mensahe ito na mula sayo. Panginoon pagpalain mo sila at gawin mo sila magsiibig sayo ng husto, sumunod sayong utos at ibigin ang isa't isa. Panginoon ipinapanalangin ko sila na magkaroon at umunlad sa bunga ng Banal na Espiritu upang silay magibigan pa sa isa't isa at mamunga pa. Panginoon ipinapanalangin ko sila na lumago at umunlad sa iyong biyaya at kami bilang isang Simbahan ng Diyos ay maabot ang iyong inaasahan at ano ang gusto mo makita sa aming buhay. Panginoon ipinapanalangin ko na marami pang bunga ng Banal na Espiritu ang mahayag sa aming buhay at sa aming relasyon sa isa't isa.

Panginoon ipinapanalangin ko na ibaba mo sa amin ang iyong Banal na Espiritu at bigyan mo pa kami ng kaloob ng Banal na Espiritu na kailangan namin sa aming buhay upang madala namin ang iyong pagibig sa iba, at kaya naman, kami ay makapunta at makapagbahagi ng ebanghelyo at magkaroon ng bago alagad at matapos ang Gawain na itinalaga mo para samin na gawin. Panginoon proteksyunan mo kami mula sa masama at ibigay ang aming pangangailangn upang magpatuloy na magsilbi sayo. Panginoon sagutin mo ang aming panalagin upang kami'y mamunga ng marami na mananatili magpakailanman para sa iyong kaluwalhatian. Panginoon pagpalain mo kami palawakin mo ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay kasama namin at iligtas kami sa kapahamakan upang sa ganon hindi kami masaktan. Nawa ang pagpapala ng Panginoon Hesus at pagibig ng Diyos at ang pagkakaisa ng Banal na Espiritu ay suma ating lahat sa pangalan ni Jesus.Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com